Abante

Rob Deniel

Ayoko na
Gusto ko lang ay makapiling ang aking gusto, ohh
Kahit malabong mapasakin ka, oh oh ohh
Gusto ko lang ay makapiling ang aking gusto oh ohh
Kahit malabong mapasakin ka

Pinagdaanan ko na 'yan
Tuloy-tuloy lalaban
Anuman ang dahilan
Gawin mo lamang ang kailangan
Minimithi mo'y may sukling ngiti
Sa bawat sandali ng oras ay may nakikinig
('Wag kang mag-alala)

Subok lang ng subok
(May mapapala)
'Wag kang papalunod
('Wag kang mag-alala)
Sugod lang ng sugod
(May mapapala)
Ganyan lang ang pagsubok

Tara na
Kalimutan mo muna
'Wag ka nang mangamba
Sila man ay mauna
Dapat mong gawin

Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang

'Di naman karera ang buhay
'Wag kang makipag-unahan
Minsan nasa huli
Pero 'di ibig sabihin nun ay dyan ka na lang
Bakit 'di mo paniwalaan ang sarili mo
Mas maigi nang matuto
Sa pagkakamali na nagawa mo
Hindi na pwedeng maulit
Mga nakaraang para bang nasa bingit
Dagdag-isipin
'Wag mong ipunin
Sarili mo'y mahalin
Mahalin, mahalin

Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang

Umabante lang
Abante lang

Sa bawat pagngiti
Binabawasan ang aking mga naramdaman
Sa nakaraan
Ang aking pag-ibig
Ang tanging kumakapit paakyat sa itaas
Kahit lumagpas
'Di ko na ramdam ang paghila sa 'kin ng tadhana
Ako ay nakamulat, humahalik na sa 'king nagawa
Ohh...

Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang

'Wag mong hayaan na mahila
Tama na ang nega
Alisin ang gapos sa kadena
Naghihintay ba ng kometa
Iba na ang meta
Bakit 'di subukan na magdyeta
Kesa ulit-uliting magbilang ng araw
Pwede namang maglibang para masulit
Hindi naman kailangang mailang
Kahit gawin mo pa 'yan ng ilang beses na ulit
Ang dami mo pang hinahanap-hanap
Na rason para lang mahalin
Ang sarili mo, tama ka na siguro sa pagdahan-dahan
Para matutunang tanggapin
Kung anong maramdaman, 'di natin mapipigilan 'yan
Kayang-kaya mong ipagpaliban 'yan
Nalagpasan ko na, kaya hindi na bago sa 'kin
Tandaang hindi lang ikaw ang nagkaganyan

Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang

'Wag na 'wag kang magpapalamon sa dilim
Maraming humahangang palihim sa 'yo
'Wag kang malito
Ganito ang mundo
Minsan hindi
Minsan ay oo, oo
Minsan hindi ka mananalo
Saka ka na magpahinga
Malayo pa ang lalakbayin mo
Kaya 'wag mong
Ipakitang nanghihina
Ang loob mo 'lam mong 'di ka gano'n
'Di ka gano'n

Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang
Umabante lang
Abante lang

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!